



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-83 NA REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-10 SANGGUNIANG DAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-15 NG PEBRERO, 2021 1:45 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Kgg. Gualberto V. Magno	- Tagapangulo
Kgg. Jerwin S. Dimapilis	
Kgg. Agustin L. Cusi	
Kgg. David D. De La Cruz	
Kgg. Robert S. Qulatchon	
Kgg. Lucille T. Bacay	
Kgg. Juan Rafael M. Talens	
Kgg. Ronel S. Sescar	
Kgg. Elmira May V. Tarac	- Pangulo, SKMP
Kgg. Celso M. Dimapilis	- Pangulo, Liga ng Barangay

Hindi Nakadalo:


Kgg. John John S. Yason


KAPASYAHAN BLC. 393

Taong 2021

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI KAY KONSEHAL JOHN JOHN S. YASON, MGA KAPATID AT MGA KAAKAPANG SA PAGPANAW NG KANILANG MINAMAHAL NA INA, CNG. MA. CORAZON SOLIS YASON.

- SAPAGKAT, sa kulturang Pilipino, ang pamilya ay simbolo ng pagkakaisa at pagdadamay ng lahat ng bumuhay nito sa kasaganaan man o kahirapan;
- SAPAGKAT, sa kaisipang ito, ang pagpanaw ng isang miyembro ng pamilya, lalo pa't ng isang ina ay lubhang dinaramdam at ikinalulungkot ng mga anak at kaanak nito;
- SAPAGKAT, ang ina ang maituturing na pinakadakilang nilikha ng Diyos na pinagtiwalan ng mabigat na tungkulin at responsibilidad mula sa pagdadala ng sanggol sa sinapupunan hanggang sa pagluluwal at pag-aaruga sa paglaki nito;
- SAPAGKAT, ang minamahal na ina ni Konsehal John John S. Yason ay humarap na sa Lumikha at bagama't ito ay lubos nilang ikinalulungkot, naiwan naman ay mga alaala ng isang mapagmahal, mapag-aruga at mapagkandiling ina;


GUALBERTO V. MAGNO


FERDINAND V. TALENS, MPA

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas at ang mga namumuno at mga kawani ng pamahalaang bayan ay lubos na nakikiramay kay Konsehal John John S. Yason, sa kanyang mga kapatid at mga kaanak sa pagpanaw ng kanilang mahal na ina, Gng. Ma. Corazon Solis Yason.


DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat

IPINASIYA tulad ng pagpapasiyung ito na ipaabot kay Konsehal John John S. Yason, sa kanyang mga kapatid at mga kaanak ang taustapong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan ito at ng mga namumuno at mga kawani ng pamahalaang bayan ng Roxas, Oriental Mindoro sa pagpanaw ng kanilang ina, Gng. Ma. Corazon Solis Yason.

IPINASIYA PA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Konsehal John John S. Yason, mga kapatid at mga kaanak lakip ang taustapong pakikiramay.

Pinagtibay: 15 Pebrero 2021

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


GUALBERTO V. MAGNO
Pangalawang Punong Bayan

merz/02152021